Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pinagmulan ng Unang Pangkat ng Tao Batay sa Relihiyon**

**PANUTO:** Isulat sa patlang ang **K** kung ang kwento ng paglikha ay sa mga Kristiyano at **I** naman kung Islam.

______ 1. Sa una ay tutol ang mga anghel sa paglikha ni Allah ng tao dahil bibigyan ito ng kalayaang maging mabuti o masama.

______ 2. Hinayaan ng Diyos na kainin nina Adan at Eba ang anumang prutas sa Hardin ng Eden maliban sa bunga ng puno ng Kaalaman ng Kabutihan at Kasamaan.

______ 3. Si Iblis ay naniniwala na ang mga anghel ay mas mataas pa rin kaysa sa mga tao.

______ 4. Inatasan ng Diyos sina Adan at Eba na maging tagapangalaga ng lahat ng kaniyang nilikha.

______ 5. Mas mataas ang tao kumpara sa mga anghel.

______ 6. Sabay na nilikha ang unang lalaki at babae mula sa alikabok. Ang lalaki ay pinangalanang Adam at ang babae naman ay Hawwa o Eba.

______ 7. Nakilala si Iblis bilang si Shaytan. Siya ang mortal na kaaway ng tao na maglalayo sa kanila kay Allah sa pamamagitan ng kasalanan.

______ 8. Sa una ay hinayaan ni Allah na tumira sa isang hardin sina Adam at Hawwa ngunit kalaunan ay pinaalis din dahil may sinuway silang utos. Sila ay tumira sa daigdig at naging unang tao nito.

______ 9. Dahil sinuway nila ang Diyos ay pinaalis sila sa Hardin ng Eden. Bumuo ng pamilya sina Adan at Eba na naging ninuno ng lahat tao sa daigdig kasama na ang tao sa Pilipinas.

______ 10. Mula sa tadyang ni Adan ay nilikha naman ng Diyos ang unang babae, si Eba.